# 1

Athena Ortiz was a very determined young woman. Once she set her heart on something, she would leave no stones unturned to achieve it.

But this time, she had set her heart not on something, but on someone. And that someone was Carlo Abad, Jr.—the most eligible bachelor in Ilocos Norte.

Napakaimportante sa kanya na makita si Mr. Abad dahil ito ang assignment niya sa kanyang unang trabaho.

Kaga-graduate lang niya ng kursong Journalism mula sa isang prestigious university. At ngayon nga ay nagtatrabaho na siya sa publication na pagmamay-ari mismo ng kanilang pamilya.

One of their publication would be coming out with a series featuring bachelor millionaires. Sa listahan ng mga naka-line-up nilang i-interview-hin, it was Carlo Abad, Jr. who caught her fancy. Unang-una, ito ang pinakabata sa mga iyon. Nasa mid-twenties pa lamang ito. Pero ang mas nakatawag ng kanyang pansin ay ang pagka-low profile ng lalaki.

He had a reputation of avoiding the pryful eyes of the public, especially the media.

Kaya naman, hiniling niya sa amang si Alfonso Ortiz na ang binata ang maging assignment niya. Malaking challenge ang taong ito para sa dalaga.

Pinagbigyan siya ng ama ngunit may kondisyon–kailangang samahan siya sa biyahe ni Roderick. Ito ay anak ng matalik na kaibigan ni Alfonso kaya tiwala rito ang ama. At kung sakali ngang sila ang magkatuluyan ng binata, siguradong hindi tututol ang kanilang mga magulang. Bagkus ay matutuwa pa ang mga ito.

Pero parang magkapatid lang ang turingan nila ni Roderick sa isa't isa. Kahit kailan ay hindi ito nanligaw sa kanya o kaya ay nagpahaging man lang na gusto siya nito. Guwapo ito, matalino at may-kaya sa buhay. Pero kung sakali mang manligaw ito sa kanya, hindi siya sigurado kung sasagutin niya ito. Hindi naman ito mahirap mahalin, but somehow, she could feel na hindi si Roderick ang lalaking inilaan ng Diyos sa kanya.

Kumuha sila ni Roderick ng tig-isang suite sa *Fort Ilocandia*–the only five-star resort in Northern Luzon. It was a Spanish Moroccan-inspired villa by the sea.

Sabi ni Roderick, magpahinga muna sila at i-enjoy muna niya ang kapaligiran. O di kaya ay maligo sila sa beach. But as soon as they were settled, she wasted no time in trying to contact the elusive Mr. Abad. Noon niya nalaman na hindi ito ganoon kadaling makontak. At sa tuwing tatawag siya para humingi ng appointment, palaging sinasabi sa kanya ng staff nito na tatawag na lang ang mga ito sa kanya. Pero wala siyang natanggap na phone call mula sa mga ito.

Ganoon pa man, hindi siya nawalan ng loob. Minabuti niyang puntahan na mismo ang villa ng mailap na milyonaryo nang walang abiso. Kahit pa tutol si Roderick sa idea niya, siya pa rin ang nasunod.

Ngayon nga ay patungo na sila sa tinaguriang *Villa of the North,* sakay ng nirentahan nilang van. Noong una, ayaw niya sanang makasama si Roderick. Mas gusto sana niyang lumakad mag-isa na lang. Pero ngayon, nagpapasalamat siya dahil kasama niya ito. Alam kasi nito ang pasikut-sikot doon dahil taga-Ilocos din ito. Iyon ang isang dahilan kung bakit si Roderick ang ipinasama ng kanyang ama. Bihasa rin ito sa wikang Ilocano. Isa pa, kailangan niya ng photographer. At bagaman isang architech si Roderick, isa sa hobby nito ay ang photography.

*Villa of the North* was located at the outstretch of Laoag City. Ito ay nasa tuktok ng isang bundok. Sa paaanan ng bundok na iyon ay ang kalawakan ng Luzon Sea.

"Nagsasayang lang tayo ng oras sa pagpunta dito," paninigurado ni Roderick.

"There's no harm in trying, Roderick," positibong tugon ni Athena. "Alam mo naman kung gaano kahalaga sa akin ang interview na ito. Hindi puwede na mag-relax na lang ako sa hotel room at hintayin na lang na mabunggo ko ang Mr. Abad na ito sa daan. I have to do something."

"You're the boss," he resigned. "Pero huwag mong sabihin na hindi kita pinaalahanan."

She carefully selected what to wear that day. Sa edad niyang twenty-two, marami ang nagsasabi na mukha siyang mas bata. At ayaw niyang makita ni Mr. Abad iyon. Baka lalo itong hindi makipag-usap sa kanya kung makita nito na bata lamang ang kakausap dito. Gusto niyang maging sopistikada sa tingin nito. Kaya naman pinili niyang magsuot ng business suit kahit sobrang init ng panahon doon. Surely, she looked elegant and sophisticated.

Pero ayaw rin niyang pagbibigyan lang siya ng

lalaking makausap ito dahil lang sa kanyang hitsura. Gusto niya, kapag kinausap siya nito, iyon ay dahil talagang gusto nitong magpa-interview sa kanya at hindi sa anupaman.

Binuklat niya ang file ng lalaki. Napaka-minimal lang ng impormasyong hawak nila tungkol dito.

Ni hindi niya alam kung ano ang hitsura nito. She had a mental picture of him in her mind, though– medium-built, dark-skinned, stout and ruthless. Hindi kaaya-aya dahil iyon ang naisip niyang dahilan kung bakit hindi ito masyadong nagpapakita sa tao.

According to the file, Carlo Abad, Jr. became a millionaire at the age of twenty-one. Sa edad na iyon, napasakamay nito ang milyun-milyong trust fund na inilagak ng mga magulang nito para rito sa kundisyong dapat sa edad na iyon ay graduate na ito ng college. At nangyari naman iyon. He did not only finish his Business Management course but he also graduated on top of his class. At dahil sa katalinuhan, napalobo nito ang perang ipinagkaloob ng mga magulang sa loob ng lampas limang taon.

“Ako nga, tagarito, pero ni minsan ay di ko pa siya nakita,” ani Roderick. “Basta ang alam ko lang ay mahilig siyang magyate.”

“Yate?” she echoed.

“Yup. In fact, may yate siya doon sa harbour na nadaanan natin kanina.”

“Bakit hindi mo itinuro sa akin kanina?” Pinanlakihan niya ito ng mga mata.

“Sorry, nakalimutan ko.”

Pilit binalikan ni Athena ang tagpong nakita niya sa harbour kanina. Marami ngang yate na nakahilera roon na halos magkasinlaki. Pero may napansin siyang kakaiba sa lahat. Puting-puti iyon at medyo mas malaki sa karamihan. It looked like a mini-cruise ship. Pihado siyang iyon ang yate ni Carlo Abad.

“Salamat na rin sa impormasyon,” aniya. “Baka makatulong din iyon sa akin.”

“Makatulong na paano?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. Dahil sa mga sandaling iyon, hindi niya pa alam ang sagot doon.

Bigla, parang may kumislap na bumbilya sa kanyang isipan. “Puwede akong makisakay sa yate niya. O di kaya ay mag-gatecrash pag nagkaroon siya ng party doon.”

Kamuntik nang maibangga ni Roderick ang sasakyan sa narinig. "Seryoso ka ba?"

"Gagawin ko talaga iyon, kung iyon lang ang tanging paraan para makaharap ko ang Mr. Abad na 'yan," determinado niyang sabi. "You see, this project is really important to me."

"Surely, hindi ibig sabihin ni Tito Alfonso na gumawa ka ng mga bagay na labag sa kagandahang-asal. At habang kasama mo ako, hindi ako makakapayag na pababain mo ang iyong pagkatao."

"Hold it right there. Pinasamahan ako ni Daddy sa 'yo. Pero photographer lang kita. Ako pa rin ang magdedesisyon kung paano ko gagawin ang interview na ito," she clarified.

Hindi ito nagsalita pa. Alam nitong wala itong panalo sa kanya. She could be stubborn sometimes.

They traveled the long and winding road to the villa. Pakiramdam niya ay umaakyat sila sa zigzag road sa Baguio City. She could not help but admire the scenery.

Ilang sandali pa, natanaw niya ang malaking bahay. Halos okupado nito ang buong tuktok ng bundok. Napapalibutan ito ng matataas na wrought iron gates. She was momentarily amazed at its

splendor. Mas grandioso pa ito kaysa sa kanyang inaasahan.

Itinigil ni Roderick ang sasakyan di-kalayuan sa villa. Nang bumaba siya ng sasakyan, magkakahalong emosyon ang kanyang nadama–excitement, kaba at takot. Pero ipinagpipilitan niya sa sarili na excitement lang iyon.

May daga sa dibdib na lumapit sila sa gate. Hindi pa man sila nakakalapit doon, may lalaking lumapit sa kanila para tingnan kung sino sila. Marahil, nasa malayo pa lang sila ay natanaw na sila nito. Tiningnan sila nito mula ulo hanggang paa gamit ang mapanuri nitong mga mata.

Nagbigay-galang si Roderick sa lalaki sa wikang Ilocano. Sumagot ang lalaki sa wikang iyon. Medyo mahaba ang sinabi nito. Nagtatanong ang mga matang napatingin siya kay Roderick.

"Sabi niya, bawal ang bisita o turista dito. Tresspassing daw tayo," pag-interpret ni Roderick sa sinabi nito.

She was not daunted. Siya na mismo ang nagsalita. Siguro naman ay maiintindihan ng lalaki ang Tagalog.

"Good morning, po. Taga-Manila po kami.

May business proposal sana kami kay Mr. Abad," magalang na sabi ni Athena. Hindi niya sinabi sa lalaki na isa siyang journalist. Baka kasi mas lalo silang hindi harapin ng amo nito.

Marahil, naintindihan siya ng lalaki. Dahil muli nitong kinausap si Roderick sa dialect nito.

"Wala daw puwedeng kumausap kay Mr. Abad na walang appointment," ani Roderick.

"Eh, di humingi ka ng appointment," susog niya sa kaibigan.

Kinausap muli ni Roderick ang lalaki. Nagsagutan ang mga ito. Hanggang sa talikuran sila ng lalaki.

"Ano daw?" tanong niya. "Tatawagin na ba niya si Mr. Abad?"

"Hindi daw kailanman nagpa-interview si Mr. Abad," pakli nito.

"Sinabi mong journalist ako?" Nanlaki ang mga mata niya.

"Sabi mo, humingi ako ng appointment. Siyempre, tinanong niya kung para saan. Kaya sinabi ko na ang totoo."

Galit na hinarap niya ito. "Nabulilyaso ang tsansa

kong ma-interview si Mr. Abad dahil sa kagagawan mo, mas makakabuting bumalik ka na sa Manila. Kikilos na lang akong mag-isa," medyo galit na sabi ni Athena.

Biglang nanlaki ang mga mata ni Roderick. Para itong nakakita ng multo. Sinundan niya ang tingin nito. Isang lalaki ang papalapit sa kanila. He looked ruthless, gaya ng na-imagine niyang hitsura ni Mr. Abad. But he was not medium-built, dark-skinned and stout. Kabaliktaran ng lahat ng iyon ang anyo nito. Matangkad ito, maputi at matipuno. Higit sa lahat, napakaguwapo nito.

"G-good, afternoon po," she stammered. "K-kayo po ba si Mr. Abad?"

"Ako nga," mabagsik na sagot nito. "Gusto ko lang sabihin sa inyo na hindi ako nakikipag-appointment sa harapan ng gate ko. Lalung-lalo na sa mga babaeng tulad mo na ngayon ko lang nakita at hindi ko na nais pang makita. Now go or I'll call the police," banta pa nito.

Bago siya nakapagsalita, tinalikuran na sila nito.

She was shocked. Hindi siya nakapagsalita. Namula ang kanyang mga pisngi sa hiya.

"Are you okay?" nag-aalalang tanong ni Roderick.

"Okay lang ako," she replied. Pinigilan niya ang namumuong luha sa kanyang mga mata.

"Let's go," aya ni Roderick.

Bago kumilos pabalik ng kotse, tinapunan ni Athena ng masamang tingin ang puting villa. "Nakapuntos siya ngayon. Pero next time, ako naman," she vowed.

"There will be no next time, Athena," kontra ng kaibigan.

"Hindi pa ako tapos sa kanya, Roderick." She smiled wryly. "If Mr. Abad thinks he has seen the last of me, he should think again."

---

"Hijo, sino sila?" tanong ni Doña Praxedes nang mapansin ang pinaalis nitong mga bisita.

"Wala, Mama," pakli ni Carlo. "Naligaw lang sila."

"Naligaw?" She was incredulous. "That's impossible! Paano sila nakarating sa liblib na lugar na ito kung naligaw lang sila? Surely, may mga pakay ang mga iyon. Bakit hindi mo man lang sila pinatuloy?"

"You know me, Mama. I have no room for paranoid journalists."

"Really, Carlo. Bakit hindi mo subukang baguhin ang iyong pakikitungo sa media? Surely, you need a little publicity. After all, you're a very prominent figure here in Ilocos. Saka makakatulong din 'yon sa iyong mga negosyo."

"I can do without them, Ma."

"Hanggang ngayon ba naman, hindi mo pa nakakalimutan ang lahat? Hindi ka pa ba naka-move on? It's time to bury the hachet. Ang isipin mo na lang sana, it was not meant to be," punung-puno ng concern sa anak na sabi nito.

"Please, Mama. Huwag na nating pag-usapan pa ang nakaraan."

Hindi na umimik si Doña Praxedes. Napabuntong-hininga na lamang ito. Tinanaw nito mula sa bintana ang sasakyang pababa ng bundok. She caught a fleeting glimpse of the girl who was knocking at their gate earlier. Isang napakagandang babae iyon.

How she wished na pinatuloy ng anak nito ang babae kung sino man iyon.

# 2

“There has to be a way,” iritadong sabi ni Athena.

May hawak siyang local newspaper pero hindi naman niya binabasa iyon sa lalim ng kanyang iniisip. She just kept on flipping the pages of the papers with impatient fingers.

“So you haven’t given up, have you?” sabi ni Roderick.

Kasalukuyan silang kumakain ng breakfast sa lanai ng *Fort Ilocandia*.

“Alam mong hindi talaga ako basta-basta sumusuko.”

“C’mon, Athena. The best thing we can do now is pack our bags and head directly to the airport,” anito. “Kung hindi naman, pumunta tayo sa bayan namin sa Pagudpud. Inaasahan na nila tayo doon. Don’t worry, nabanggit ko kay Tito na ipapasyal kita doon. You will enjoy the sceneries there, I tell you,” dugtong pa nito.

“You’re not really a big help,” she said, exasperated. “Imbis na tulungan mo akong mag-isip,

kung anu-ano pa ang pumapasok sa kukote mo."

Minabuti nitong tumahimik na lang. Pero para sa binata, wala nang dahilan para manatili pa sila sa lugar na iyon.

Dalawang araw na ang nakalipas magmula nang ipagtabuyan sila ni Carlo Abad sa bahay nito. Kung mahina lang ang kanyang loob, baka nga nag-impake na sila ni Roderick at bumalik na sa Manila. Pero wala sa plano niya iyon. Ayaw niyang umalis doon na talunan. She could not turn his father down.

More than ever, she was determined to find other means of dealing with the elusive millionaire. Naniniwala siyang kapag nakita ni Carlo na sinsero siya at mahalaga sa kanya ang assignment na iyon, papayag itong magpa-interview sa kanya. At papayag itong makunan ng litrato ni Roderick. Pero kung camera-shy talaga ito, they could do without it.

Muling binuklat-buklat ni Athena ang newspaper. This time, medyo binasa niya ang mga headlines. Puro kaguluhan sa Manila sanhi ng destabilisasyon ang laman ng mga balita kaya pinasadahan lang niya ang mga iyon ng tingin.

She was going through the classified ads section

when something caught her attention.

*VILLA OF THE NORTH in Laoag City urgently needs the following: Private nurse, Maids, Masseuse. Apply in person. Bring resume.*

Biglang may kumislap na ideya sa isipan ni Athena. “This is it!” bulalas niya.

“What is it?” tanong ni Roderick.

Excited na ipinakita niya ang ad kay Roderick. Kaagad na pinasadahan nito iyon ng tingin.

“Wait a minute. Don’t tell me mag-a-apply ka?” nakakunot-noong tanong nito.

“You bet! Sayang nga lang at puro pambabae ang mga ito. Kung may panlalaki lang sana, dalawa tayong mag-a-apply.”

“No way! You’re not serious, are you?”

“Do I look like I’m kidding?”

“You’re not a nurse, nor a therapist. So you mean to say, mag-a-apply kang maid?” He was skeptical about the whole thing.

"Kunwari lang naman, eh. Para lang makapasok ako sa loob ng villa. Pag nand'on na ako, saka ako gagawa ng paraan para makaharap si Mr. Abad. Kung siya mismo ang mag-i-interview sa mga aplikante, eh di mabuti."

"I think that's not a good idea. Hindi yata magandang tingnan sa isang babaeng katulad mo na magpumilit kang makausap ang isang taong ayaw namang makiharap sa 'yo."

"I get your point. Pero kailangan kong maka-score ng interview rito. Umaasa sa akin ang Daddy, ang editor ko, at ang mga staff ng publication. Kaya tatapusin ko ang article na ito sa kahit na anong paraan."

"Pero hindi naman nila siguro ibig sabihin na ibababa mo ang sarili mo kung kinakailangan," he argued.

"Hay naku, ang mabuti pa ay bilisan mo na ang pagkain mo. Dahil ngayon din ay pupunta na tayo sa *Villa of the North*."

Napaawang ang mga labi nito.

---

Itinigil ni Roderick ang sasakyan kahit medyo

may kalayuan pa ang *Villa of the North*. Athena decided to walk the rest of the way kahit pa panay ang pilit ni Roderick na ihatid siya sa mismong gate ng villa. Hindi niya gugustuhing makilala ng lalaking nagbabantay ng gate o ni Mr. Abad mismo, ang sasakyang ginamit nila noong una silang nagpunta roon. Hindi rin credible na ang isang nag-a-apply lang na maid ay hatid pa ng isang sasakyan.

"Are you sure you want to do this?" nag-aalalang tanong ni Roderick. Sa huling sandali, umaasa pa rin itong magbabago ang isip niya.

"I've never been so sure in my life," determinadong sabi niya. "Don't worry, I'll be fine."

"Basta hihintayin kita dito. Huwag ka lang apihin ng lalaking iyon, at baka kung ano ang magawa ko sa kanya," anitong tila nagbabanta pa.

Huminga si Athena nang malalim. Pagkatapos ay bumaba na siya ng sasakyan.

The moment she stepped out of the car, she was greeted by the excruciating heat of the sun. Summer na noon kaya lubhang napakainit ng panahon. Isa pa, tanghaliang tapat noon. Tinanghali sila sa pagpunta roon dahil kinailangan pa niyang pumunta sa isang internet café para gumawa ng kanyang resume. At

natagalan siya sa paggawa niyon dahil kailangan pa niyang baguhin ang maraming impormasyon tungkol sa sarili.

She tried not to let Roderick see her discomfort. Walang lingun-lingon na tinalunton niya ang daan paakyat ng bundok kung saan naroon ang *Villa of the North*.

How she wished nakapagdala siya ng payong, o di kaya ay sumbrero. Dahil nga maid lang ang posisyong a-apply-an niya, pinili niyang mag-maong at t-shirt na lang. Talagang nanunuot ang init ng araw sa suot niyang manipis na kamiseta. Nagsimulang tumagaktak ang kanyang pawis na maagap naman niyang pinupunasan ng panyo.

Laking tuwa niya nang matanaw ang villa. Pero sandali lang ang kanyang kasiyahan. Dahil nakita niyang nagkakagulo sa dami ng mga aplikante ang harapan ng villa. Halos panghinaan siya ng loob sa nakita. But there was no turning back now. Tumuloy pa rin siya.

"May pinapasok na ba sa loob?" tanong niya sa isang aplikante.

"Wala pa nga, eh," naiinis na sabi nito. "Kanina pa nga kami rito."

Wala siyang nagawa kundi ang maghintay na rin. Init na init na ang pakiramdam niya. Pakiramdam niya, anytime ay magko-collapse na siya. In contrast, parang hindi alintana ng ibang aplikante ang tindi ng sikat ng araw. Marahil, sanay na sanay na ang mga ito na maarawan hindi tulad niya.

Nagkaroon ng commotion nang may magbukas ng gate. It was the dark and stout man who refused to give them an appointment with Mr. Abad. Isa-isang pinapasok na sila nito.

She bowed her head when it was her turn to enter the gate. Baka kasi makilala siya ng lalaki at hindi siya papasukin. Pero sigurado siyang hindi siya makikilala nito dahil ibang-iba ang hitsura niya ngayon kumpara noong una siyang magtungo roon, lalo pa at nakapunggos ang buhok niya ngayon.

Hindi man niya tiningnan ang lalaki, sa sulok ng kanyang mga mata, nakita niyang mataman siyang pinagmamasdan nito nang pumasok siya sa gate. Kinabahan siya but she tried not to let it show. Nakahinga siya nang maluwag nang tuluyan na siyang nakapasok sa loob.

They were ushered into a spacious receiving room. Abut-abot ang kaba niya knowing that her target was within her reach.

May lumapit na lalaki sa kanila at kinuha ang kanilang mga resume. Hindi iyon ang lalaking nagbabantay sa gate. Dahil nga nasa bandang hulihan siya ng pila kanina, napailalim ang kanyang resume.

Ilang sandali pa, tinawag na ang unang aplikante sa loob ng isang silid para ma-interview. Sandali lang ang aplikante sa loob. Kaagad ay pinapasok ang kasunod na aplikante.

Pasimpleng nilapitan ni Athena ang babaeng kalalabas lang mula sa silid. “Mahirap ba ang interview?” kunwari ay tanong niya.

“Hindi.”

“Ano ang nag-i-interview, babae o lalaki?”

“Babae.” Iyon lang at lumabas na ito ng receiving room.

*Babae? Sino kaya iyon?* magkasunod na tanong niya sa sarili. Hindi naman siguro asawa ni Mr. Abad. He was one of the most eligible bachelors here in Laoag, sa pagkakaalam niya.

Kung hindi pala si Mr. Abad mismo ang nag-i-interview, wala nang dahilan para hintayin pa niyang tawagin siya. Pasimple siyang lumabas ng receiving

room. Wish niya lang, walang nakapuna sa kanya.

Sa labas, hindi niya alam kung saan siya susuot para hagilapin ang lalaking pakay. Naglakad-lakad siya sa isang pasilyo. Noong una ay abut-abot ang kaba niya. Alam niyang maaari siyang makasuhan ng trespassing kapag may nakakita sa kanya. Pero di kalaunan ay napanatag ang kanyang kalooban. Sa palagay naman niya, safe siya dahil wala namang armadong tauhan si Mr. Abad na kakalat-kalat sa paligid. Sa tingin nga niya ay parang walang katau-tao roon. Napakatahimik ng kapaligiran.

Nakarating siya sa isang napakagandang garden. She paused for a while to admire nature's intrinsic beauty.

"Ikaw na naman!" anang boses sa kanyang likuran na ikinagulat niya.

Napadilat siyang bigla. Inakala niyang nakita siya ng lalaking nagbabantay sa gate. Impulsively, she wanted to run. Pero bago niya pa nagawang ihakbang ang kanyang mga paa, pinigilan siya nito sa braso.

Iniharap siya nito. She gasped when he realized who he was. Hindi iyon ang lalaking nagbabantay sa gate, kundi si Carlo Abad mismo.

Ngayong kaharap na niya ito, parang naumid ang kanyang dila. Tila nakalimutan niyang bigla ang mga katagang plano niyang sambitin.

"So, nandito ka na naman kahit ipinagtabuyan na kita noon," kastigo nito sa kanya. "Noong una, nagpumilit kang makipag-appointment sa akin sa harapan mismo ng gate ko. Ngayon naman, nagkunwari kang aplikante. At nagawa mo pang mag-submit ng pekeng resumé." Iwinagayway nito sa harap niya ang papel.

"I-I'm sorry, Sir," paumanhin niya. "G-gusto lang sana kitang makausap—"

"Di ba sinabi ko na sa 'yo na ayaw na kitang makita?" putol nito sa kanyang sasabihin. "Puwede kitang kasuhan ng unlawful entry at falsification of documents. Pero dahil bisita ka dito sa Ilocos, hindi ko na gagawin 'yon. Pero kailangan mo nang umalis. Ngayon din," makapangyarihang utos ni Carlo. "At huwag na huwag ka nang babalik pa dito. Baka kung ano pa ang magawa ko sa 'yo."

She was flabbergasted. Mangiyak-ngiyak na si Athena.

"I-if you could just give me a little of your time, Sir, I'll gladly leave," hirit niya. Higit kailanman,

ayaw niyang sumuko ngayong kaharap at kausap na niya ito. Ayaw niyang mapunta lang sa wala ang kanyang pinagdaanan.

"I have made myself clear, haven't I?" he mocked. "Ayaw na kitang makita o magpa-interview pa sa 'yo. Hindi ako kailanman nakikipag-usap sa mga journalists na tulad mo. Now go," pagtataboy nito sa kanya. "Baka naiinip na 'yong kasama mo. Akala mo ba, hindi namin kayo natanaw kanina?"

Parang nanliit si Athena sa hiya. Hindi niya pala ito naisahan. Surely, she had underestimated this man.

She started to leave. Noon naman may dumating na isang napakasopistikadang matandang babae. Nahulaan kaagad niyang mother ito ni Carlo.

"Ano'ng ibig sabihin nito?" tanong nito.

"This woman is a journalist, Ma," he declared.

"Yes, of course." Tumatangu-tangong ang babae habang tinititigan siya. "I think I've seen her before." Hinarap nito ang anak para kastiguhin. "So? Bakit mo siya ipinagtatabuyan, hijo?"

"Alam mo naman na ayaw na ayaw ko na pinakikialaman ang buhay ko. Lalo na dito sa sarili

kong pamamahay."

"Be reasonable, hijo. Alam kong nanggaling pa sila sa Manila para lang makausap ka. Hindi mo sila dapat ipagtabuyan nang gan'on-gan'on na lamang. *Que barbaridad*!"

"O-oo nga naman, Sir," segunda ni Athena. Medyo lumakas ang loob niya dahil nagkaroon siya ng kakampi sa katauhan ng ina nito. "Kahit ilang sandali lang po sana."

"Inuulit ko, wala akong panahong makipag-usap sa 'yo. Kaya puwede ba, umalis ka na? At huwag na huwag ka nang babalik pa."

"Hijo!" His mother was aghast sa pagtrato nito sa kanya.

"Please lang, Ma, huwag ka nang makialam pa. Alam mo ang mga alintuntunin ko. I have no intention of breaking my rules now. Manloloko ang journalist na ito. Kaya nararapat lang na palayasin na siya dito."

"Nag-sorry na po ako kanina. Hindi ko sinadyang lokohin ka, Sir. Nagawa ko lang po iyon dahil sa trabaho ko," paliwanag niya.

Hindi yata maka-relate sa pinag-uusapan nila

ang matandang babae dahil biglang nanahimik ito.

“Maliwanag na panloloko ang ginawa mo. Papipilin kita, aalis ka nang kusa, o gusto mo pang ipakaladkad kita palabas sa mga tauhan ko?” he threatened.

“Please, Mr. Abad–” Hindi nito naituloy ang sasabihin.

“Inuubos mo ang pasensya ko.” Ito na mismo ang kumaladkad sa kanya palabas ng gate.

*No!* sigaw ng kanyang isipan.

Helpless naman si Doña Praxedes. Gusto man nitong tulungan siya, wala itong magawa.

Kaagad na ikinandado ng lalaki ang gate nang nasa labas na siya. Walang lingun-lingong bumalik na ito sa loob ng bahay.

She was stunned. Hindi ito makapaniwalang kinaladkad siya *literally* ni Mr. Abad palabas ng gate. Hindi siya nasaktan nang ipagtabuyan siya nito noon kasama ni Roderick. But now, he has gone too far. She had never been so humiliated in her life.

She cried in anguish on her way back to the car. At sa pagkakataong iyon, hindi na niya ininda ang tindi ng sikat ng araw. Mas ininda niya ang sugat na

nilikha ni Carlo Abad sa kanyang puso.

---

"Has your senses left of you?" kastigo ni Doña Praxedes sa anak nang wala na ang babae. "You've got to stop this, hijo."

"Magsisimula na naman ba tayo, Mama?" angal ni Carlo. "Kailangan ko pa bang ulit-ulitin na galit ako sa mga journalists? And that impostor is a journalist."

"Pero babae siya, hijo. At napakagandang babae."

"What difference does it make?"

"Don't you think you're a little bit harsh? Pati ba naman babae ay gan'on ang pagtrato mo? Isipin mo sana, babae din ako. Paano kung ako ang gawan ng tulad ng ginawa mo? Saka, ikaw na rin ang nagsabi, journalist ang babaeng 'yon. Paano kung sira-siraan ka niya sa mga write-ups niya?"

"I don't give a damn, Mama."

"How I wish nandito ang papa mo," she sighed. Nasa Europa ang kanyang ama at pinamamahalaan ang kanilang negosyo roon.  Minsan tuwing ikatlong buwan lamang ito umuuwi sa Pilipinas. "Maybe, he

can make you change your mind."

Hindi siya sang-ayon sa sinabi ng ina. "Kahit nandito ang papa, isusuka ko pa rin ang mga journalists na 'yan."

Doña Praxedes resigned. Napapailing na tinalukuran siya nito.

Deep inside, isa lang ang sinang-ayunan niya sa mga sinabi ng kanyang ina—napakaganda ng journalist na iyon.

Tiningnan ni Carlo ang resume nito. Parang nanghinayang siya na wala itong inilagay na larawan doon.

Athena Ortiz ang inilagay nitong pangalan. Hindi siya sigurado kung iyon ang tunay nitong pangalan. Baka kasi nag-imbento lang iyon. Dahil nga hindi naman talaga ito aplikante.

Tiim-bagang na nilamukos niya ang resume at initsa sa malayo.

# 3

“I told you,” tanging nasabi ni Roderick nang bumalik siya sa sasakyan kung saan ito naghihintay sa kanya.

She tried to compose herself bago niya narating ang sasakyan. Pinunasan niya ang kanyang luha para hindi nito makita na umiiyak siya. Naging mahirap para sa kanya na sabihin kay Roderick na walang nangyari sa lakad niya, katulad ng inaasahan nito.

Tiniis niya ang napakatinding init ng araw pero wala naman siyang napala. Ang tanging konsolasyon niya ay ang nakaharap niya hindi lang si Mr. Abad, kundi ang maging ang ina nito. At nakapagpalubag-loob sa kanya na malamang nasa kanya ang simpatiya ng ginang.

Laking tuwa naman ni Roderick na nakabalik siya nang walang nangyaring masama kanya.

“Kahit isang saglit, hindi ako napakali habang nasa loob ka ng villa,” anito. “Siguro naman, titigilan mo na ang kahahabol sa Mr. Abad na ’yon,” dugtong pa nito.

Minabuti niyang tumahimik.

Silence could mean a lot of things. Pero ipinagpalagay ni Roderick na ang kanyang pananahimik ay tanda ng kanyang pagsuko na ma-interview pa si Mr. Abad.

Pinaandar na nito ang sasakyan. They drove in silence.

"O, ano, pasyal tayo sa amin sa Pagudpud?" basag ni Roderick sa katahimikan.

"Saka na lang siguro," walang ganang sagot niya. The idea was not really appealing to her.

"Ano ba'ng binabalak mong gawin ngayon?"

"Susubukan ko pa ring ma-interview si Mr. Abad," aniya, pero hindi niya alam kung paano gagawin iyon.

"Hindi talaga kita maintindihan. Bakit kailangang ipagpilitan mo ang isang bagay na hindi pupuwede?"

"Alam mo naman ang motto ko, di ba? Try and try until you succeed," aniya na pinilit magpatawa.

"Pero 'try and try until you die' ang ginagawa mo. Don't tell me you'll be barging again into that villa like a thief in the night."

Hindi talaga nito lubos maisip na magkakaroon na naman ng insidente tulad kanina sa ikatlong pagkakataon.

"Maraming paraan para gawin ang isang bagay. Pag hindi ka nagtagumpay sa isang paraan, puwede kang sumubok ng iba."

"No, you won't," pigil ng kaibigan. "Ang mabuti pa, bumalik na tayo sa Manila. O di kaya ay tanggapin mo na ang imbitasyon kong magbakasyon tayo sa amin sa Pagudpud. My family would be glad to meet you."

"You know me, Roderick. Ako ang taong hindi basta sumusuko."

"Kung hindi mo rin pala ako pakikinggan kahit minsan lang, sana hindi na ako sumama sa 'yo," puno ng hinanakit na sabi nito.

"Puwede ka nang umuwi kung gusto mo," aniya saka biglang na-realize kung ano ang sinabi. Huli na para bawiin pa niya iyon. Kahit paano ay nagbibigay ng lakas ng loob sa kanya si Roderick.

"Alam mong hindi kita puwedeng iwanang mag-isa dito. Ipinagkatiwala ka sa akin ng Tito Alfonso. Kaya tungkulin kong pangalagaan ka at iligtas sa anumang kapahamakan. So, sana makinig ka naman

sa akin kahit konti lang."

"Salamat. Pero kaya kong pangalagaan ang sarili ko. Natural lang na mag-alala si Daddy sa kapakanan ko. After all, I'm his only child. Pero hindi na ako bata. I'm old enough to take care of myself."

---

Sa kanyang suite nag-breakfast si Athena kinabukasan. Hindi muna siya sumabay kay Roderick dahil ayaw niyang marinig ang pangungulit nito na umuwi na sila ng Manila at kalimutan na ang assignment niya.

Katatapos lang niyang kumain nang tumunog ang telepono sa kanyang suite. Dahil inakala niyang si Roderick iyon, hindi siya tuminag para sagutin iyon.

Hindi tumigil sa pag-ring ang telepono. She sighed. Minabuti niyang sagutin na lang iyon kung si Roderick man iyon.

Telephone operator ang nasa kabilang linya. Sinabi nito na may naghahanap daw sa kanyang babae sa lobby. Si Doña Praxedes daw iyon. Sa tinig ng operator, nahinuha niyang prominenteng tao ang naghahanap sa kanya.

*Doña Praxedes, who?* Kumunot ang noo niya.

Napapitlag siya nang mahulaan kung sino ang bisita. It was probably Carlo Abad's mother. Dahil ito lang ang babaeng na-encounter niya mula nang dumating siya sa bayang iyon. Pero paano siya natunton nito? At ano ang kailangan nito sa kanya?

Kaagad siyang nagbihis. Hindi niya dapat paghintayin ang babae. Dahil kapag nainip iyon ay baka umalis ito bigla.

Palabas na siya ng kanyang suite nang maalala niyang tawagan si Roderick sa suite nito.

"Meet me at the lobby now," nagmamadaling utos ni Athena. Ibinaba na niya kaagad ang telepono at kaagad tinungo ang lobby.

She was right. Ang butihing ina ni Mr. Abad ang naghihintay sa kanya sa lobby. Kaagad tumayo ang babae nang makita siyang papalapit. Iniabot nito ang kamay sa kanya.

"Nagbaka-sakali akong dito ka naka-billet," panimula nito. "Thank God you're here. Sana hindi kita naabala, Miss Ortiz. Mabuti na lang at inilagay mo ang tamang pangalan mo sa resume. I'm Mrs. Praxedes Abad," pakilala ng babae. "Hindi na tayo naipakilala sa isa't isa kahapon."

Nakipagkamay siya rito. Nakaganaan niya ng loob ito kahapon dahil nakisimpatiya ito sa kanya. Hindi nag-iba ang pakiramdam niya rito kahit hindi naging maganda ang pagtrato ng sarili nitong anak sa kanya. At humanga siya sa kababaang-loob nito. 'Mrs.' ang pakilala nito sa kanya at hindi 'Doña.'"

Naupo sila sa sofa.

"Miss Ortiz, naparito ako para humingi ng paumanhin sa inasal ng anak ko kahapon," panimula nito.

"Doña Praxedes, there's really no need to apologize," sagot ni Athena. Although na-appreciate niya ang gesture nito. "Karapatan ni Mr. Abad na ipagtabuyan ako. After all, bahay niya iyon. Ako pa nga po ang dapat humingi ng dispensa. Kasi talaga namang nagkunwari akong aplikante para lang makalapit sa kanya. 'Athena' na lang po ang itawag n'yo sa akin."

"Naiintindihan kita, Athena. Pero sana naman, intindihin mo rin ang aking anak. At kaya ako naparito ay para iwasto kung anumang mali sa naging impression mo kay Carlo."

Tumaas ang kilay niya sa tinuran nito. Hindi pa ba sapat ang mga nakita ng mismong mga mata niya

kung ano ang ugali ng anak nito? Bakit kailangan nitong iwasto kung anuman ang naging impression niya sa anak nito? What was she up to?

Come to think of it, malamang ay hindi alam ni Carlo ang pagpunta ng ina nito sa kanya. Wala sa tipo ng binata na humingi ng tawad o magpaliwanag kaninuman, lalo na sa kanya na sapilitan nitong pinaalis sa pamamahay nito.

"Actually, Doña Praxedes, hindi sapat ang panahong nakita o nakausap ko ang inyong anak para makabuo ako ng impression sa kanya," pag-amin niya.

"Hindi talaga," sang-ayon nito sa kanya. "Napakabait na tao ang anak ko. He's just a very private person."

"Sinubukan ko pong humingi ng appointment sa kanya para ma-interview siya pero ipinagtabuyan niya ako at ang aking kasama. Kaya naisipan kong magkunwaring aplikante para lang makalapit sa kanya. I'm a journalist. May article akong kailangang gawin tungkol sa kanya. At magagawa ko lang iyon kung makakausap ko siya."

Nalungkot ito. "Natitiyak ko, ibang Carlo Abad, Jr. ang lalabas sa article mo ngayon dahil sa mga

nangyari."

Ngayon, medyo naging malinaw na sa kanya kung bakit ito nag-abalang puntahan siya. Natatakot itong baka gumawa siya ng article na makakasira sa reputasyon ng pamilya nito, lalung-lalo na ng anak nito.

"I work for a very reputable publication. Naglalathala lang kami ng mga articles na pawang katotohanan. Kaya isusulat ko lang kung ano ang natuklasan ko sa inyong anak. Pero kung mapapakiusapan ninyo siya para magpa-interview sa akin, I would appreciate it very much."

Hindi pa man siya tapos magsalita, napapailing na ang kausap. "Kilala ko ang anak ko, Athena. Hinding-hindi na siya makikipag-usap sa 'yo ngayong nalaman na niya kung ano ang trabaho mo. Kahit kailan, pare-pareho ang tingin niya sa mga journalists na tulad mo, kahit pa sabihin mong prestigious ang kompanyang pinagtatrabahuhan mo."

"Pero bakit po?"

"Nagkaroon siya ng trauma sa press, phobia to put it bluntly. Kaya nang itayo niya ang *Villa of the North*, mahigpit na pinagbawalan niya ang kanyang mga tauhan na magpapasok ng kahit sinong member

ng media. Until you came. Nasira ang patakaran niyang iyon dahil sa 'yo."

Napaawang ang kanyang mga labi. Wala ang impormasyong iyon sa hawak niyang file tungkol kay Carlo. Ang alam lang niya, aloof ito sa mga taga-media. Hindi niya alam na may hate-campaign pala ito sa mga tulad niya.

"P-pero bakit po naman siya nagkaroon ng phobia sa amin?" Pihado siyang may matinding dahilan kung bakit ito nagkaganon.

"Bago pa man niya nakuha ang milyun-milyong trust fund na inilagak namin ng papa niya para sa kanya, naging solong tagapagmana din siya ng aming mga magulang. Kaya nang finally ay nakuha niya ang trust fund niya at the age of twenty-one, he was suddenly the youngest multi-millionaire not only in Ilocos but in the entire country. He became a hot copy for the press. Palagi siyang sinusundan ng taga-media para ma-interview o di kaya ay makuhanan ng litrato. But he never wanted to flaunt his riches to anybody. Hindi siya pumayag na ma-interview o makuhanan man lang ng litrato. Kaya sa tuwina, puro stolen shots na lang ang ginagawa sa kanya. One time, he met an accident dahil sa kaiiwas sa media. Nahulog siya sa kabayo at kung ilang buwan

siyang nagpagaling sa hospital dahil sa concussions na nakuha niya."

She waited for her to go on. Somehow, she was certain na hindi pa sapat ang nasabi ng matandang babae. Surely, mas may mabigat pang dahilan.

Nagpatuloy nga ito. "At the age of twenty-three, my son got engaged to a scion of a wealthy and powerful politician here in Ilocos. He and his fiancée were relentlessly pursued by the media. Ang pagiging mailap niya sa media ang dahilan kung bakit sila naghiwalay ng girlfriend niya."

"Bakit naman po?" sabad niya.

"As I've told you, politician ang pamilya ng girlfriend niya. Alam mo naman ang mga politicians, mahilig sa publicity. Kaya para silang langis at tubig ng girlfriend niya na kailanman ay hindi maaaring paghaluin. So they parted ways."

"I see." Tumatangu-tango si Athena. Ngayon niya naiintindihan kung bakit ganoon na lang ang disgusto ng anak nito sa kanya.

She could almost see her chances of getting the interview being blown away. Nakikinita na niya ang kanyang sarili na nag-iimpake at pauwi ng Manila na isang talunan. Pero naalala niya kung paano niya

ipinaglaban ang assigment na iyon. Kaya ayaw pa rin niyang sumuko.

Noon dumating sa lobby si Roderick. Kumunot ang noo nito nang ipakilala niya ito kay Doña Praxedes.

"Malabo na raw talagang makipag-usap pa si Mr. Abad sa atin ngayong nalaman nito na journalist ako," she informed him. Nairita siya nang makitang parang natuwa pa si Roderick sa sinabi niya.

"So, how about going with me to my hometown in Pagudpud?" kaagad ay sabi nito kahit kaharap pa nila si Doña Praxedes. "Kahit sumaglit lang tayo doon bago tayo bumalik ng Manila."

"Ikaw na lang kung gusto mo," tanggi niya. "Dito muna siguro ako."

"Kung puwede lang sana kitang imbitahin sa villa," may panghihinayang na sabi ni Doña Praxedes. "I would be more than glad to show you around."

"Sigurado po akong magagalit ang inyong anak pag ginawa n'yo 'yan, Doña Praxedes." Nai-imagine niya ang magiging hitsura ni Carlo pag umuwi sa villa ang ina nito na kasama ang kinaiinisan nitong journalist.

"W-what about the write-up, Athena?" tanong ni Doña Praxedes. "I think it wouldn't do justice to my son kung ang pagbabasehan mo lang ay ang nangyari kahapon."

"As of now, honestly, hindi ko pa alam kung itutuloy ko ang article. Pero kung talagang ayaw makipag-usap ng anak n'yo sa akin, wala na talaga akong magagawa kundi kanselahin ang assignment na ito kahit mahalaga ito sa akin."

"I'm sorry," paumanhin ni Doña Praxedes. "How I wish there is something I can do para mabura ang bad impression mo sa kanya. Napakabait ng anak ko, Athena. At napakalambing. It's a pity you didn't see that side of him."

*I see him as a very harsh and ruthless yet attractive young man,* naisip niyang sabihin, pero hindi iyon lumabas sa bibig niya.

"But you will not write something negative about my son, right?"

"Character assassination is not my cup of tea, Doña Praxedes," she assured her. "Pulos katotohanan lang ang isinusulat ko."

"Salamat." Parang nakahinga ito nang maluwag. "Aasahan ko 'yan, Athena." She stood up.

Nadama niya ang sincerity sa tono nito. "Salamat po sa pagpunta ninyo dito."

Humayo na ang matanda. Sinundan niya ito ng tingin. Hindi niya talaga lubos maisip kung paanong ang isang tulad nito na soft-hearted ay nagkaroon ng anak na tulad ni Carlo Abad, Jr. na may pusong-bato.

"I'm glad you're giving up," nasisiyahang sambit ni Roderick.

"Who said so?" she snapped. "Ang sinabi ko, hindi ako magsusulat ng hindi totoo."

"So, ano ang susulatin mo tungkol sa kanya?"

"Ewan ko pa sa ngayon." She shrugged. "Basta dito muna ako. Malay natin, biglang magbago ang ihip ng hangin," positibong sabi ni Athena.

---

Nang hapong iyon, ipinasya niyang mamasyal sa bayan. Wala noon si Roderick dahil naliligo ito sa beach.

Siya na mismo ang nagmaneho ng nirentahan nilang van. She did not have a hard time finding her way to the town proper.

Sa bayan, nawili siya pagbili ng mga souvenirs. Halos lahat ng kanyang mga kasamahan sa publication ay binilhan niya ng pasalubong. *At suhol mo na rin kung sakaling umuwi kang empty-handed dahil hindi mo nagawa ang assignment mo*, pambubuska ng kanyang isipan.

Mabilis na lumipas ang mga oras. She scurried when she realized it was getting late. Marahil, nag-aalala na si Roderick kung nasaan siya dahil hindi siya nakapagpaalam dito bago umalis.

Pero inabot siya ng malas. Dahil nang pabalik na siya sa hotel, tumirik ang sasakyan niya. Nasa ilang na lugar pa mandin siya at mabilis na dumidilim ang paligid.

Wala siyang kaalam-alam sa pagkumpuni ng sasakyan. Hindi rin niya dala ang kanyang cellphone kaya hindi niya matawagan si Roderick. Kaya wala siyang nagawa kundi ang bumaba ng sasakyan at maghintay ng puwede niyang sakyan pabalik ng hotel. O di kaya ng taong puwedeng kumumpuni sa sira niyang kotse.

How she wished Roderick was with her. She had never been so helpless in her life. Panay ang linga niya. Walang tao doon.

May intersection sa harap ni Athena. Natatandaan niyang iyon ang daan patungo sa *Villa of the North*. She could imagine the huge, white villa on top of the mountain. Mentally, parang nagpapasaklolo siya sa lalaking nakatira sa villa na iyon.

Napapitlag siya nang may maulinigan siyang sasakyang paparating mula sa kanyang likuran. Instantly, she turned around para parahin iyon.

Laking tuwa niya nang tumigil iyon. Pero saglit lang ang kanyang pagkatuwa. Dahil umibis mula sa sasakyan ang lalaking nakilala niyang guwardya sa gate ng *Villa of the North*. Hindi na niya kailangang hulaan kung sino ang sakay nito–si Carlo Abad, Jr.

Tila nahulaan kaagad ng mga ito na nasiraan ang kanyang sasakyan. Lumabas ang iba pang mga tauhan nito para tingnan ang sasakyan niya. Ilang saglit pa at umibis na rin si Carlo mula sa sasakyan at lumapit sa kanya.

Nasorpresa si Athena na gusto siyang tulungan nito pagkatapos ng mga nangyari.

“Hindi ka dapat lumalabas nang mag-isa, Miss Ortiz. Laoag City is a very peaceful city. Pero sa mga panahong ito, iba na ang nag-iingat.”

“Naliligo po kasi sa beach si Roderick kanina.

Kaya mag-isa akong pumunta sa bayan," she timidly said.

"Roderick?" Tumaas ang makapal na kilay nito.

"'Yong kasama ko noong una akong magpunta sa villa ninyo," pagpapaalala ng dalaga. "Siya ang photographer ko."

"I see."

Lumapit kay Carlo ang mga tauhan nito. Nag-usap ang mga ito sa wikang Ilocano. She could only wonder kung ano ang pinag-uusapan ng mga ito.

"May kailangan daw na piyesa para muling umandar ang sasakyan mo," he informed her. "Since we don't have any spare part, let me drive you back to the hotel," offer nito sa kanya.

"No, thank you," tanggi ni Athena, without batting an eyelash. Pero gusto niyang bawiin ang mga salitang iyon. For the past two days, she had been literally chasing this man. Pero ngayong may pagkakataon na para makausap niya ito, bigla niya itong tinanggihan.

"Ayaw mong makisakay sa akin?" Parang na-offend ito sa sinabi niya.

"Hindi naman sa ayaw ko, Sir. Pero inarkila lang

namin ang sasakyang ito. I can't just leave it here," she explained.

"Believe me, hindi maaano ang sasakyan dito, pati ang mga kargamento mo," he assured him. "I dislike journalists like you pero ayaw ko ring mapahamak ka lalo na at bisita ka dito sa aming siyudad kaya ihahatid ka na namin."

She gave in. Ayaw naman niyang masabihan nito na nagpapa-importante siya. Besides, malayo pa ang hotel. Kaya mas makakabuting makisakay siya kaysa maglakad pauwi.

Nagpauna na ito sa sasakyan nito. Meekly, she followed him to his limousine.

# 4

"Hindi mo siya na-interview?" Hindi makapaniwala si Roderick. It was not typical of Athena to lack initiative.

They were having cocktails at *Sunset Bar*, located at the beachside of the hotel.

She shrugged. Pati siya ay hindi rin makapaniwala kung bakit pinalampas niya ang pagkakataong ma-interview si Carlo Abad habang pauwi sila.

"Roderick, ayokong maglakad pauwi ng hotel, 'no! Kaya tahimik lang ako along the way. I was afraid that once I open my mouth, pabababain niya ako ng sasakyan."

"You really think so?"

"You know him. Kayang-kaya niyang gawin iyon kung gusto niya. After all, it's his car." And it was one hell of a car! Sa tanang buhay niya, noon lang siya nakasakay sa limousine.

"So, will you still see him?"

"I might," pakli niya.

"But how?"

"Ewan ko." Nagkibit-balikat siya. "Siguro, makikisakay na talaga ako sa yate niya."

"I think its not a good idea, Athena."

"And why not?" she asked with raised eyebrows. "Pag nasa laot na kami, imposibleng ibalik pa niya ako sa pampang, o kaya ay itapon niya ako sa dagat."

"Pero sabi mo kanina, kaya ka niyang pababain sa sasakyan niya kanina kung gusto niya."

"Iba sa yate. Malulunod ako pag ginawa niya iyon. Kahit pa milyonaryo siya, hindi niya kailanman matatakasan ang batas."

"Ewan ko. Bahala ka na nga kung ano ang gusto mong gawin. Tutal, hindi rin lang kita mapipigilan," he resigned. "Basta mag-iingat ka lang."

"Siguro, ang dami niyang dinadalang magagandang babae sa yate niya," pag-andar ng imahinasyon niya.

"I don't think so," kontra nito. "The way he treated you, para siyang woman-hater. Hindi kaya lalaki ang gusto niya?" nang-iintrigang sabi ni Roderick.

"Hindi naman siguro," kontra rin niya. Hindi niya ma-imagine na bading si Carlo. He looked every inch of a man. Hindi nga lang ito gentleman. "And he's not a woman-hater," she corrected. "He's more of a journalist-hater."

"Paano mo naman nasabi na nagdadala siya ng maraming babae sa yate niya?"

"Di ba gan'on naman ang mayayamang may yate? Gan'on ang mga napapanood at nababasa ko. Kaya tiyak, hindi niya ako mapapansin pag nakihalubilo na ako sa mga babae niya."

"I still think it's not a good idea. At alam kong hindi rin magugustuhan iyon ng daddy mo. Ano na lang ang sasabihin niya pag nalaman niyang nakiangkas ka nang patakas sa yate ng isang lalaki?"

"Honestly, I don't care. Basta ang importante sa akin, magawa ko ang article tungkol kay Mr. Abad."

"Ikaw ba talaga 'yan?" Parang naninibago ang kaibigan sa mga ikinikilos niya. "I've known you to be so naïve. Pero ngayon, parang ang tigas-tigas mo."

Ibig talagang ipakita ni Athena sa ama na matatag siya at determinado. At higit sa lahat, gusto niyang makita nito na kaya niyang sundan ang mga

yapak nito sa larangan ng negosyo kahit pa babae siya. She would prove to him that she could be the son he always wanted.

"Tatapusin ko ang article na 'to. And only God knows how I'm gonna do it." She pushed her plate away. Nawalan na siya ng ganang kumain.

---

Athena sneaked out of the hotel while Roderick was still sleeping. Ipinasya niyang maglakad-lakad sa may baybayin para makasagap ng sariwang hangin at magpalamig ng ulo. Roderick's constant bickering was getting to her nerves.

Binaybay niya ang kahabaan ng dagat hanggang sa makarating siya sa harbour na kinatitirikan ng mga bangka at yate. Pinagmasdan niya ang pinakamalaking yate roon. *Sea Villa.* Napakaganda niyon. Sigurado siyang iyon ang yate ni Carlo Abad.

The *Sea Villa* would be her last recourse. Kung talagang hindi na siya magkakaroon ng pagkakataong makausap ang may-ari niyon, hindi na siya mangingiming akyatin iyon nang palihim.

Ngayon niya pinagsisisihan kung bakit hindi siya nag-attempt na kausapin ang lalaki nang isakay siya nito pabalik ng hotel. Bakit nga ba tila naumid

ang dila niya noon? She was wondering now if he would have obliged to answer her questions, if she did try.

*Masasakyan din kita balang araw*, patungkol niya sa yate ni Carlo. For the meantime, sumakay muna siya sa kalesa at ginalugad ang kagandahan ng Laoag City. Dinala siya ng kutsero sa pagawaan ng mga earthen jars. Gusto man niyang bumili ay mahihirapan siyang ibiyahe ang mga iyon pauwi ng Manila. Kaya nagkasya na lamang siya sa panonood kung paano ang paggawa ng mga iyon.

Nang tanghalian na, nagtanung-tanong siya kung saang restaurant siya makakain ng mga specialty ng Ilocos. Itinuro siya sa *Bahay Kubo*, isang restaurant sa tabi ng dagat. It was cozy. Yari sa pawid iyon at dahil nasa tabing-dagat ito, napakapresko ng hangin doon.

Kauupo lang niya nang may lumapit sa kanya. Inakala niyang ang waiter iyon. But when she looked up, she found herself gazing into the eyes of Carlo Abad.

"Are you here on your own, Miss Ortiz?" tanong nito. Tumingin pa ito sa may pintuan kung may kasama siyang paparating.

"Y-yes," tanging nasambit niya.

"So am I. Would you like to join me, Miss Ortiz?" It sounded more of an invitation rather than a question.

Noon niya napansin na nakatingin sa kanila ang mga taong kumakain doon. Marahil, kilala ng mga iyon ang lalaki at pinagtatakhan nila kung sino ang babaeng kausap nito at binibigyan ng importansya.

*Hindi ko siya maintindihan*, naisip ni Athena. Mukha itong sala sa init, sala sa lamig. Noong una, sinabihan siya nito na ayaw na siyang makita pa muli. And then he dragged her out of his villa. Tapos ngayon, he was being nice to her oblivious of the prying eyes of the public. Kung pulitiko sana ito, iisipin niyang nagpapapogi points lang ito.

Sasabihan sana niyang ito na lang ang lumipat sa table niya. Pero hindi naman yata magandang tingnan na siya pang babae ang mang-iimbita ng lalaking makakasalo niya sa tanghalian. Saka sigurado siyang sa estado nito sa buhay, siguradong may nakareserbang espesyal na lugar para rito.

Tumayo si Athena at sinundan ang lalaki. Hindi nga siya nagkamali ng hinuha. Dahil pumasok sila sa isang VIP room.

Kaagad na may lumapit na waiter sa kanila pagkaupong-pagkaupo nila.

"What would you like to have?" tanong ni Carlo.

"E-ewan ko," sambit ng dalaga. "Gusto ko sanang tikman ang mga specialty ng Ilocos. What can you suggest, Mr. Abad?"

She could see that he was amused. "Baka masira ko ang diet mo pag ako ang nag-order," anito.

"Minsan lang naman ito."

"Good," nasisiyahang sagot ng lalaki. Hinarap nito ang waiter. "Bigyan mo kami ng sinanglaw, pinakbet, bagnet at jumping salad. At bigyan mo na rin kami ng kalamay for dessert. At buco juice na rin."

Buco juice lang ang tanging alam niya sa mga in-order nito. Pero sa kanyang pandinig, puro masasarap ang mga iyon, kung anuman ang mga iyon.

"So, how do you find Ilocos, Miss Ortiz?" tanong nito nang wala na ang waiter.

"I like it here," she answered in all honesty. "Sana makabalik ako dito someday for a vacation naman." Sa totoo lang, gusto lang niyang i-remind

ang binata kung ano talaga ang purpose niya sa pagpunta sa Ilocos. At iyon ay para ma-interview ang lalaking kaharap niya ngayon.

He chuckled. “Of course, trabaho nga pala ang nagdala sa ‘yo rito.”

“Pero di mo na ako binibigyan ng chance to do my job,” pangongonsyensya ni Athena.

“There’s nothing you can do about that.”

“Makakagawa pa rin ako ng article tungkol sa ’yo, Mr. Abad,” she said defiantly, “kahit hindi ka nagpa-interview sa akin.”

“Really?” Tumaas ang kilay ni Carlo. “And how will you do that?”

“I already know small details about you, Mr. Abad. I can work on that.”

“Such as?”

“Alam kong may yate ka. At kung hindi ako nagkakamali, ang *Sea Villa* iyon,” she blurted out.

“I’m impressed. And how will you expand that small detail, Miss Ortiz?”

“I…I guess I’ll just imagine the things you do aboard your yatch,” she stammered.

"Talaga? Sige nga, you tell me," he challenged.

"You probably enjoy having parties in your yatch with all the beautiful and sexy ladies."

Na-amuse si Carlo. "I can see that you have a very wild and fertile imagination. Are you really going to write that?"

"Of course not, I'm just kidding," bawi ng dalaga. "Tulad ng nasabi ko kay Doña Praxedes, puro katotohanan lamang ang isinusulat ko." Nagulat si Athena sa naisagot. Sigurado siyang hindi nito alam ang pagpunta ng ina nito sa kanya. Pakiramdam niya, ipinagkanulo niya ang matanda.

"So nagkausap na pala kayo ng mama ko nang hindi ko nalalaman," anito. "I could only guess how the two of you met."

Hindi siya nakapagsalita. She was expecting him to explode.

"She dropped by my hotel," she informed him. "Nag-usap lang kami sandali."

"So I thought. It's typical of my mother."

"Sana, huwag kang magalit sa kanya, Mr. Abad," hiling niya. Pag nagkataon, hindi niya mapapatawad ang sarili sa pagiging taklesa.

"Ako? Magagalit sa mama ko?" He laughed. "Of course not. Concern lang siya sa magiging impression mo sa akin. She obviously likes you. Tell you what, I'm going for a sail tomorrow. Why don't come with me, Miss Ortiz? Para makita ng mga mata mo kung ano ang nangyayari sa yate ko. Para hindi ka na rin mag-imagine pa."

Hindi makapaniwala si Athena sa narinig. "Iniimbita mo ako sa yate mo?"

"Ayaw mo?"

"Of course, gusto ko." Hindi pa rin siya makapaniwala. Hindi na pala niya kailangang tumakas pasakay sa yate nito. At magagawa niya ang artikulo niya tungkol dito nang buong katotohanan. Hindi na niya kailangang manghula o mag-imagine pa.

"Para makilala mo na rin kung sino talaga ako."

"Thank you for trusting me, Mr. Abad," sinsero niyang sabi. Ngayon pa lang, medyo nakikilala na niya ito. Hindi man ito madaling malapitan, mabait din naman pala ito kahit papaano. At makikilala pa niya ito nang husto kapag nasa laot na sila. Makikilala niya kung sino ang mga kaibigan nito at kung sino ang mga babae nito.

"Tawagan na lang kita for the details."

"Okay."

Noon dumating ang in-order nito. Nalaman niyang puro gulay ang pinakbet. Ang sinanglaw naman ay parang Ilocano version ng papaitan–mga lamang-loob ng baka na hiniwa nang maliliit at may masarap na sabaw. Parang pork steak naman ang bagnet. Pero ang ikinagulat niya ay ang in-order nito na jumping salad na parang fresh seafood salad. Tinawag iyon na jumping salad dahil talagang buhay at nagtatalunan pa ang maliliit na hipon at isda sa plato na may vinaigrette.

Ang sarap ng kain niya. Hindi na niya inalintana ang diet niya. Ginanahan talaga siyang kumain lalo na at naiisip niyang magagawa na niya ang pinakamimithi niyang interview. Oh, she could hardly wait to tell Roderick about it. Tiyak niya, matutuwa ito.

Kalamay ang dessert nila. Parang malagkit iyon na matamis at may dinurog na mani at dessicated coconut. Lalo pang bumigat ang tiyan niya pagkakain niya niyon lalo na at may buco juice pa sila.

Lingid sa kanya, mataman siyang pinagmamasdan ng lalaki. Kung ano man ang naglalaro sa isipan ni

Carlo, tanging ito lang ang nakakaalam.

"There goes my diet," bulalas niya nang natapos siyang kumain. "Pero okay, ang sarap talaga ng food dito."

He was pleased. "You'll need all that strength tomorrow."

Nahiwagaan siya sa sinabi nito.

---

In contrast, Roderick was not at all thrilled at the prospect of Athena going aboard Carlo's yatch. Kaya medyo nainis siya kay Roderick dahil sa kawalang-gana nito.

"Hindi ka ba natutuwa para sa akin? Magagawa ko na ang article ko. Magtatagumpay ako. Tiyak, matutuwa ang Daddy sa akin."

"Paano naman ako matutuwa? Delikado ang gagawin mo."

"Ano'ng delikado doon? Hindi naman kaming dalawa lang ang pupunta sa laot. Tiyak na may parties at makakausap ko ang mga friends niya. I'm sure matutuwa ang readers natin. Malalaman nila kung ano ang nangyayari sa mga parties ng mga milyonaryo sa mga yate nito."

"There's nothing I can do to stop you, right?"

"Yes, Roderick," matigas na sabi ni Athena. "This is the break I've been waiting for. Sayang nga lang at hindi ka makakasama sa akin para kumuha ng pictures. But I can manage. I'll just use my digital camera."

"Saan daw kayo pupunta?" tanong nito.

"E-ewan ko. Sa sobrang excitement ko, nakalimutan kong itanong. Pero siguro, hindi naman kami lalayo."

"Mga ilang araw kayong mawawala?"

"Ha? Eh, siguro three days lang," panghuhula ni Athena. Hindi rin kasi niya naitanong kay Carlo ang bagay na iyon.

"In that case, uuwi muna ako sa bayan namin sa Pagudpud. Para naman mabisita ko sina Lolo at Lola."

"That's a good idea," masayang pagsang-ayon ni Athena. "Para hindi ka nagmumukmok sa hotel sa kahihintay sa akin."

"Mag-iingat ka sana," paalala nito.

"Huwag kang masyadong nag-aalala sa akin. I

can take care of myself," she assured him. "O siya, maiwan muna kita dito. Baka magsara ang boutique ng hotel. Wala akong dalang evening dress. I might need one." *And some bathing suits, too.* Nagmamamadali na siyang pumunta sa boutique.

Naiiling na lamang na sinundan siya nito ng tingin.

# 5

Katatapos lang ni Athena na kumain ng breakfast sa kanyang suite. Masaya niyang hinihintay ang pagtawag ni Carlo.

Hanggang ngayon, hindi pa rin siya makapaniwalang inimbita siya ng mayamang binata sa yate nito. Akala niya ay hindi na niya magagawa ang kanyang article. Mabuti na lamang at nagkita sila nito sa restaurant.

Hindi man tahasang sinabi ng lalaki na payag na itong magpa-interview sa kanya, parang ganoon na rin ang ibig ipakahulugan ng pag-imbita nito sa kanya. Kaya hindi niya sasayangin ang pagkakataong ibinigay sa kanya.

Sa pagsama niya sa yate nito, she would be hitting two birds with one stone. Unang-una, matatapos niya ang article niya tungkol kay Carlo. Pangalawa, mararanasan niyang maki-party sa yate ng pinakabatang milyonaryo sa Ilocos.

Pero ngayong malapit na ang sandaling kanyang pinakamimithi, saka naman siya nagkaroon ng agam-agam. Ni hindi niya alam kasi kung saan ang

destinasyon nila. Para siyang sundalo na susuong sa giyera na hindi niya alam kung saan. Mas mapapanatag sana, hindi lang siya kundi pati si Roderick na rin kung bibigyan man lang siya ni Mr. Abad ng kaunting detalye ng kanilang itinerary.

Dumating ang tanghalian pero hindi niya natanggap ang inaasahan niyang tawag mula sa binatang milyonaryo. Tutal tanghalian na naman, minabuti niyang kumain sa *Lucky House* kasama si Roderick. Isa iyon sa mga restaurants ng hotel. Pero nagbilin siya sa lobby na kapag tumawag sa kanya si Carlo Abad, doon sa restaurant na iyon siya matatagpuan.

"Baka naman nagbago ang isip niya," haka-haka ni Roderick nang nalaman nito na hindi pa siya tinatawagan ng milyonaryong binata. "Baka umalis na siya nang hindi ka kasama."

"Sana naman, hindi," pag-asam ni Athena. Pero sa totoo lang, sumagi rin sa isip niya ang bagay na iyon.

"Pero kung sakali ngang nagbago ang isip niya, wala ka nang magagawa pa tungkol doon, hindi ba?"

Natigilan si Athena. Wala nga siyang magagawa

kung iniwan siya nito.

"Kung saka-sakali, makakahinga na ako nang maluwag."

"Ikaw lang," pakli ng dalaga.

"Athena, kung hindi matutuloy ang lakad ninyo, siguro naman igi-give up mo na ang assignment na 'yan. Maybe, its not meant to be."

"Siguro nga," sambit ni Athena pero tumututol ang kanyang isipan. Ayaw pa rin niyang mawalan ng pag-asa. Mayroon pa siya hanggang hatinggabi para hintayin ang tawag ng lalaki.

Wala tuloy siyang kagana-ganang kumain. Mayamaya ay may lumapit na waiter sa kanila.

"Ipagpaumanhin po ninyo. Pero may urgent message po para sa inyo, Ma'am," anito.

"Ano 'yon?" tanong niya. She held her breath.

"Aalis na raw po ang *Sea Villa* within thirty minutes, Ma'am."

"Ano?" She was shocked.

"Sigurado ka?" tanong naman ni Roderick. Kinausap pa nito ang waiter sa salitang Ilocano para tiyakin kung tama ang detalyeng sinabi nito.

"Hindi po ako nagkakamali, Ma'am. Si Mr. Abad po mismo ang tumawag kanina. Kaya sigurado akong aalis ang *Sea Villa* sa loob ng kalahating oras." Iniwan na sila nito.

"How could he do this to me?" nanggagalaiting sabi ni Athena. Oo nga at sinabihan siya nito na tatawagan siya para malaman niya kung kailan sila aalis. But she did not expect it to be on a very short notice. Para bang wala talagang intensyon ang Mr. Abad na iyon na isama siya, kaya binigyan siya ng napakaikling panahon. Para nga naman kapag hindi siya nakarating on time, maglalayag ito nang hindi siya kasama.

"Then let him go by himself." Roderick was not bothered.

"Let's not argue, okay? Balik muna ako sa room ko. I'll be back in a sec," nagmamadaling sabi niya. Pagkatapos ay humangos na siya sa suite niya para kunin ang kanyang bagahe.

Pero kahit anong pagmamadali niya, hindi niya nakaligtaang tapunan ng tingin ang sarili sa salamin. She was wearing a simple, floral summer dress. Sa kotse na lang siyang maglalagay ng pressed powder sa mukha.

Mabilis na bumaba siya sa lobby at nagpahatid kay Roderick sa harbour. Hindi niya dapat sayangin ang tsansa niyang ma-interview ang lalaki kahit pa maliwanag na pinaglalalangan siya nito.

Medyo nakahinga lang siya nang maluwag nang matanaw ang harbour. Hinagilap kaagad ng kanyang mga mata ang *Sea Villa*. It was still there, thank God. Para bang kumakaway iyon sa kanya at hinihintay talaga siya.

The moment the car went to a halt, she immediately got out of the car. Tinungo naman ni Roderick ang trunk ng kotse para kunin ang kanyang bagahe.

Kakatwang walang katau-tao sa deck ng yate. She was expecting it to be already teeming with guests anticipating a fun voyage. Pero wala ni isang tao roon. Napakatahimik doon. Nakalatag na ang gangway na siyang tutulayan ng mga bisita paakyat ng yate.

"This is strange," sambit ni Athena. Sabi ng waiter kanina, the yatch would sail in thirty minutes. Pero bakit wala pa ito ni isang pasahero o pahinante man lamang? Nagkamali ba siya ng tinitingnang yate? Pero maliwanag pa sa sikat ng araw na iyon ang *Sea Villa* dahil sa nakatatak na pangalan sa tagiliran

niyon. O baka naman applicable sa pagkakataong iyon ang palasak na 'Filipino time?'

"I think we'd better go back to the hotel," susog ni Roderick sa kanya. Hanggang sa mga sandaling iyon ay umaasa pa rin itong magbabago ang desisyon niya.

"Wait." Napapitlag ang dalaga dahil may nakita siyang taong galing sa loob ng yate at tumungo sa upper deck. It was not Carlo but a man in uniform. Pihado siyang iyon ang kapitan ng yate.

Nabuhayan siya ng loob kasabay ng pagkaalarma na baka biglang itaas ng mama ang gangway at umandar bigla ang yate. Kaya bago siya maiwanan, lumapit siya. Para namang anino na sumunod si Roderick sa kanya dala ang kanyang bagahe.

"Excuse me," tawag niya ng pansin sa unipormadong tao. "Nandiyan po ba si Mr. Abad? I believe he's expecting me."

Lumapit ito sa railings ng yate. "Mukhang nagkakamali ka, Miss," malakas na sabi nito para marinig niya ito.

She was not daunted. "Ito po ba ang yate ni Mr. Abad?" tanong niya.

Tumango lang ang lalaki.

"I'm Miss Ortiz," pakilala niya sa sarili. "I'm one of the guests," deklara niya. "Inimbita ako ni Mr. Abad."

Naisip niya, siguradong may nasabihan kahit papaano si Carlo na inimbita siya nito.

Hindi makapaniwala ang hitsura nito. Gusto niyang mainsulto. Kung makatingin sa kanya ang lalaki, parang wala sa hitsura niya na imbitahan ng amo nito sa yate.

Noon lumabas ang may-ari mula sa loob ng yate. "Miss Ortiz," he called out. "You're just on time. Welcome aboard."

Napalingon dito ang unipormadong lalaki. Tinapunan muna siya nito ng tingin bago pumasok sa loob ng yate leaving Mr. Abad to entertain her.

Sinunggaban niya ang bagahe niyang hawak ni Roderick. He reluctantly released the luggage.

"'Bye," nagmamadaling paalam niya sa kaibigan. "Enjoy your trip to Pagudpud."

"Ingat ka," paalala nito.

Magkakahalong emosyon ang kanyang

nadadama habang tinatawid ang gangway patungong yate–kaba, excitement at isang damdamin na hindi niya kayang ipaliwanag nang mga sandaling iyon. Parang pinanghinaan ang kanyang mga tuhod. And her heart was pounding so rapidly. Lalo na nang iabot ni Carlo ang kamay nito para alalayan siya.

Kamuntik na niyang sundin ang impulse niya na umatras. Nilinga niya si Roderick. Nakatayo pa rin ito sa pinag-iwanan niyang puwesto nito. Maaninag niya sa mukha ng kaibigan na hindi ito masaya sa desisyon niyang sumama sa cruise na iyon. But there was no turning back for her now. Lalo pa at literally, hawak-kamay na niya ang taong pinakamimithi niyang ma-interview.

"Akala mo siguro hindi na ako makakasama pa sa trip na ito, Mr. Abad?" she accused.

He just grinned at her. "Parang ang laki ng bagahe mo, Miss Ortiz," pag-iiba nito ng usapan.

"H-hindi ko kasi alam kung gaano tayo katagal sa laot."

"Mga two to three days siguro," he informed her.

Tama ang hula ni Athena. At tamang-tama lang ang dala niyang mga damit na gagamitin sa loob ng

tatlong araw.

"Follow me," utos ni Carlo. Nagpauna na itong pumasok sa loob ng yate dala ang bagahe niya.

Hindi na siya nakakaway pa kay Roderick dahil mabilis ang mga hakbang niya sa pagsunod kay Carlo. Bumaba sila sa lower deck at tinalunton ang makitid na pasilyo. Nilampasan nila ang ilang nakasaradong pinto. Parang walang tao sa loob ng mga silid na iyon. She was expecting laughters and all sorts of merry-makings from the other guests. Pero tahimik doon. Saka wala man lang silang nakasalubong na ibang bisita. She wondered why.

Narating nila ang pinakadulong silid.

"Ito ang tutuluyan mo," anito saka binuksan ang pinto.

Pinauna siya nitong pumasok sa silid. It was not the kind of cabin that she expected to see. It was spacious enough. Pero hindi magarbo ang furnishings. Mas lalabas na maganda sana iyon kung mas marami ang dekorasyon. Sa tingin niya, parang panlalaki ang silid. At parang may naaamoy siyang masculine na cologne na parang pamilyar sa kanya.

"It's very cozy," puri niya.

"We'll be sailing in a few minutes," he said, ignoring her comment.

"Nandito na ba lahat ang mga bisita mo?" tanong ni Athena.

"Nandito na," pakli nito. "Ang mabuti pa, magpalit ka na ng maong na pantalon at t-shirt," suhestyon nito nang mapansin ang suot na floral summer dress ng dalaga.

"S-sige," sang-ayon niya kahit hindi niya makuha ang logic doon. Mabilis na inisip niya ang inimpakeng damit. Thank God, may nailagay siyang pantalon at t-shirt doon.

"Pag umandar na tayo, saka ka umakyat sa deck," bilin ni Carlo sa kanya. "Maliwanag ba?"

"O-of course."

"Mabuti naman at nagkakaintindihan tayo." Dali-dali na itong lumabas doon.

Hindi niya maipaliwanag ang kanyang nararamdaman nang mapag-isa siya. Several questions were boggling her mind. Tinungo niya ang bilog na bintana ng cabin at dinungaw ang labas. Ang kalawakan ng dagat ang kanyang natanaw. It was a breathtaking sight. Parang diamanteng kumikislap

ang mga mumunting alon kapag natatamaan ng sinag ng araw.

Biglang umandar ang motor ng yate. Nagmamadaling hinubad niya ang kanyang summer dress at nagsuot ng maong na pantalon at puting t-shirt. Tapos na siyang magbihis nang naramdaman niyang umuusad na sila. Kaagad siyang lumabas ng cabin para tumungo sa deck gaya ng bilin ng may-ari ng yate sa kanya. Ayaw niyang makastigo nito na hindi siya marunong sumunod sa instruction. She did not want to jeopardize her chances of getting that much sought-after interview.

Inaasahan niyang marami siyang mabubungaran sa pasilyo na ibang mga panauhin na papunta rin sa deck. Pero kakatwang wala siyang nakita kahit na anino ng isang tao.

Nasaan ang mga babaeng inimbita ng binata?

Paakyat na siya sa makitid na hagdan patungo sa deck nang makarinig siya ng mga boses. Pero hindi boses ng mga nagtatawanang babae at ibang bisita ang kanyang nadinig. Kundi puro boses ng mga lalaki.

Napahinto si Athena. Nang may maulinigan siyang pababa ng hagdan, tumakbo siyang pabalik

ng cabin. Kaagad siyang pumasok sa loob. Nag-panic siya nang makita niyang walang lock ang pinto. Sinandalan niya iyon.

Narinig niyang palapit sa kanya ang mga yabag. Nahinuha niyang kay Carlo ang mga iyon.

"Miss Ortiz!" He banged on the door. Napapitlag siya. "Kanina pa kita hinihintay sa deck."

"I'm feeling a little bit dizzy," pagkukunwari niya. "I... I'll join you later."

"Don't give me that crap," inis na sabi ng binata. Itinulak nito ang pinto.

Her strength was no match to his. Nagawa nitong itulak ang pinto hanggang sa tuluyan na itong nakapasok sa loob ng cabin.

Tiningnan siya nito mula sa ulo hanggang paa. "I don't think you're not feeling well," konklusyon nito. "Tell me, ano talaga ang problema mo?"

"B-bakit puro lalaki ang narinig kong nag-uusap sa deck?" she finally managed to ask. "N-nasaan ang mga—"

"Babae?" Tinapos nito ang tanong niya. "Iyon ba ang gusto mong makita sa yate ko para isulat, Miss Ortiz? Then you're in for a disappointment.

The movie in your mind is not exactly what you are about to see."

"W-wala kang guests na mga babae?"

"You can say that again."

She gasped. "I-ibig mong sabihin, a-ako lang ang–oh my God!" She was horrified nang mapagtanto niyang nag-iisa siyang babae roon. She felt like a trapped mouse. "Ibalik mo ako sa harbour. Now!" she ordered.

"It's me who give orders here, Miss Ortiz," he stressed. "At kailanman, ang utos ko ay hindi nababali. Kaya puwede ba, umakyat ka na sa deck."

"A-akala ko magkakaroon ng party dito sa yate mo."

"Party?" He chuckled. "May sinabi ba akong party? Ikaw lang ang nagsabi n'on, hindi ako."

May punto ito. Siya lang naman talaga ang nag-imagine ng bagay na iyon. "S-so, s-sino ang mga narinig kong nagtatawanan sa deck?"

"They're my crew. At kabilang ka roon."

"A-ano'ng ibig mong sabihin?" Nagulumihan si Athena.

"Walang special treatment dito sa yate ko, Miss Ortiz. Pantay-pantay ang pagtrato ko sa mga tao sa yate ko. Kaya may nakatakda ka ring gampanang tungkulin dito habang tayo ay naglalayag."

"P-pero paano ang article ko?"

"Isulat mo lahat ang gusto mo pagbalik natin. Dahil hindi ka magkakaroon ng panahong gawin 'yon habang nasa laot tayo. Inuulit ko, may kanya-kanya tayong tungkulin na dapat gampanan dito. Kaya puwede bang umakyat ka na sa deck?" ulit ni Carlo. "Huwag kang mag-alala, magaan lang naman ang ipapagawa ko sa 'yo. Sa tingin ko naman, you're physically fit. Kaya sumunod ka na sa akin sa 'taas." Iyon lang at umalis na ito.

Athena was stunned. Akala niya makakapukol siya ng dalawang ibon sa pamamagitan ng iisang bato. She was looking forward to a pleasant cruise pati na ang party kasama ang mga kaibigan ni Carlo.  Pagkatapos ay ang makuha ang interview na inaasam niya. Hindi na akalain na crew lang pala ang babagsakan niya sa pagsama sa yate nito.

*Roderick, help!* she silently cried.